# Pag-unawa sa terminong “Communities of Interest (Mga Komunidad Kung Saan Kayo May Interes)”

Kinakailangan ang inyong opinyon upang magkaroon ng hugis ang mga bagong supervisorial districts (distritong kinakatawan ng Superbisor) ng San Francisco!

**Ano ang Community of Interest (Komunidad Kung Saan Kayo May Interes, COI)?**

Ang COI ay grupo ng mga indibidwal na nasa takdang heyograpikong lugar, kung saan mayroong nagbibigkis sa kanila, o mayroon silang magkakaparehong interes. Malawak ang depinisyon na ito, kung kaya’t malaki ang pagpapasya ng komunidad sa pagtukoy kung ano-anong usapin ang mahalaga sa kanila. Madalas na binibigyang-depinisyon ang communities of interest bilang “magkakalapit na populasyon na may magkakaparehong sosyo-ekonomikong interes, at kailangang mapasama sa iisang distrito para sa mga layunin ng makatarungan at epektibong representasyon.”

Ilang posibleng halimbawa ng magkakatulad na interes ng inyong komunidad (ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito) ang: pag-oorganisa nang dahil sa paaralan o usaping pangkapaligiran sa inyong lugar; pagkakaroon ng magkakatulad na kultura o pinagmulan; o anumang ibang bagay na nakaaapekto sa inyong buhay! Posibleng inilalarawan ng inyong magkakatulad na interes ang pinagtutuunan ng pansin ng inyong komunidad sa ngayon, at posible ring konektado ito sa tunguhin sa hinaharap, tulad na pagtatrabaho para magkaroon ng teknolohiya, kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay o equity, pagkakaroon ng pinakabagong impormasyon ukol sa pampublikong kalusugan sa wikang sinasalita ng inyong komunidad, pag-oorganisa para sa mga oportunidad na magkaroon ng abot-kayang pabahay, at marami pang iba! Pinakamahusay na nabibigyan ng dokumentasyon ang communities of interest sa pamamagitan ng pasalita, nakasulat, o digital na opinyon mula sa mga indibidwal o grupo na may pangunahing kaalaman tungkol sa mga ito. Posibleng makapagbigay ng suporta ang census at iba pang datos mula sa labas, pero hindi nito mapapalitan ang personal na kaalaman ukol sa komunidad. Iyan ang dahilan kung bakit gusto naming marinig ang inyong opinyon tungkol sa inyong komunidad; kayo ang pinakanakakaalam tungkol dito!

**Kung Ano ang Gusto Naming Marinig**

Pakisagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa anong bagay mayroong magkakatulad na interes ang inyong komunidad?

Pakilarawan kung ano-ano ang magkakaparehong interes sa inyong komunidad, at kung bakit o kung paano mahalaga ang mga ito. Halimbawa:

- Kung ang inyong Community of Interest ay nakasentro sa paaralan, kailangang kasama sa

inyong testimonya ang pangalan at kinaroroonan ng paaralan, at kailangang inilalarawan nito ang pakikisangkot ng komunidad sa paaralan, o kung bakit mahalaga ito. Posibleng sabihin ninyo na nakikisangkot ang nakapalibot na komunidad sa paaralan sa iba't ibang paraan, at ginagamit marahil nito ang iba't ibang pang-edukasyon at panlibangang oportunidad na naroroon.

- Posible rin ninyong tukuyin ang Community of Interest batay sa iisang magkakaparehong kultura o pamanang kultura ng mga residente sa espesipikong lugar. Pakisaad kung bakit ito nagsisilbing bigkis, halimbawa, "dahil sa aming iisang kasaysayan at wika, nakikipagtrabaho kami sa isa't isa sa mga pangkulturang proyekto, at lumilikha ito ng pakiramdam ng pagkakaisa at pagkaunawa sa isa't isa."

<u>2. Saan matatagpuan ang inyong komunidad?</u>

Sabihin sa amin ang mga hangganan ng inyong COI, at nang mahanap namin ito sa mapa. Halimbawa, isulat ang mga panandang-bato o landmark, kalye, ilog, lawa, estero at iba pang katulad nito, o riles ng tren na nagpapakita ng kinaroroonan ng hangganan ng komunidad.

Posibleng lubos na makatulong ang mapa na nagpapakita ng kinaroroonan ng COI, kasama na ang pasalita o nakasulat na testimonya na tumutukoy sa lugar, at nang mahanap ang lokasyon ng COI. Posibleng makagawa ng mapa gamit ang libreng mga programa online, tulad ng [drawmycacommunity.org](drawmycacommunity.org). Pakihanap ang mga direksiyon para sa pagsusumite ng COI online sa aming handout na "How to Create Your San Francisco Community of Interest (COI) Online (Kung Paano Malilikha ang Komunidad Kung Saan Kayo may Interes o COI Online)."

<u>3. Bakit dapat mapanatiling magkakasama ang mga nasa inyong komunidad sa iisang distrito?</u>

Kapag pinag-uusapan ninyo ang inyong Community of Interest, isaaalang-alang ang pagpapaliwanag kung bakit kailangang mapanatili ang lahat ng bahagi nito sa iisang distrito at kung bakit magiging problema ang paghihiwa-hiwalay sa mga bahagi nito. Halimbawa:

- Ang Community of Interest na nagtatrabaho upang mapaunlad ang isang espesipikong paaralan ay posibleng maging mas epektibo kung makikipagtrabaho ang mga residente sa kani-kaniyang lugar sa iisang kinatawan, sa halip na sa ilang kinatawan.

- Posibleng mapag-alaman ng maliit na COI na nagtatrabaho upang makatanggap ng suporta ng gobyerno na mas kaunti ang tsansa nito na makatanggap ng suporta kung hahatiin ito sa dalawa.

**<u>Kung Paano Maisusumite ang Inyong Testimonya</u>**

Pakihatid ang impormasyon tungkol sa inyong Komunidad sa amin sa pamamagitan ng isa sa

mga sumusunod na paraan:

- Dumalo sa isa sa mga pulong ng Redistricting Task Force (Pangkat para sa Espesipikong Gawain na Pagsasaayos Muli ng mga Distrito, RDTF)! Puwede ninyong ipagbigay-alam sa Task Force ang tungkol sa inyong COI sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong komento sa pulong. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Redistricting Task Force ng San Francisco, pakibisita ang aming website: https://sf.gov/public-body/2020-census-redistricting-task-force.

- Isumite ang inyong mga sagot gamit ang COI Public Input Form (Form ng COI para sa Pagbibigay ng Pampublikong Opinyon sa website ng Redistricting Task Force (Pangkat para sa Espesipikong Gawain na Pasasaayos muli ng mga Distrito): https://sf.gov/public-body/2020-census-redistricting-task-force

- I-email ang impormasyon sa: rdtf@sfgov.org

- Ipadala ito sa koreo o ihatid sa: Office of the Clerk of the Board, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244, San Francisco, CA 94102

Inaanyayahan ang lahat sa San Francisco na lumahok. Pakisumite ang inyong testimonya ukol sa inyong COI **sa lalong madaling panahon** at nang maisaalang-alang ito sa borador o draft ng (mga) mapa. Salamat po sa paglahok sa mahalagang proyekto na ito!